LEVEL 3

# Leveled Reader
## in Filipino

# Sina Bong, Buboy, at ang mga Katutubong Pangkat




Kuwento ni Sierra Mae Paraan

Inedit ni Pia Zorayda Busiños
Guhit ni Hannah Manaligod

## Unang Bahagi



Palaging magkasama ang kambal na sina Bong at Buboy. Halos lahat ng bagay, sabay nilang ginagawa—kahit pa lagi silang nauuwi sa pag-aaway.

Mahilig ding maglaro ang kambal. Ngunit sa pagkakataong ito, nakasira sila ng sungka. Habang namumulot ng laruan sa mesa si Bong at nag-aayos ng mga libro si Buboy, si Lola Hermie ang nagliligpit ng mga pira-pirasong bahagi ng sungka na nasira ng dalawa. Napailing siya sa ginagawa.

“Mas matanda pa sa inyo itong sungka,” himutok ni Lola Hermie. “Tapos sinira lang ninyong dalawa.”

Nagsimulang  magreklamo ang kambal. Muli nilang sinisi ang isa’t isa.



Pumaswit si Lola Hermie, “Ayoko nang makarinig pa ng sasabihin ninyo. Kung palagi kayong nag-aaway, maghiwalay kayo, huwag na lang kayong makipaglaro sa isa’t isa.”

“Pero ano’ng gagawin namin, Lola?” tanong ni Bong habang nagkakamot ng ulo.

“Nakakainip, Lola,” reklamo ni Buboy. Nagsimula siyang mag-unat ng katawan at tumalungko.

“May ibibigay ako sa inyong dalawa,” seryoso ang tono ni Lola Hermie. “Pero ipapahiram ko lang ito ‘pag di kayo nag-away. Ipangako n’yo munang gagamitin ninyo ito nang tahimik. Maliwanag ba?”

Sabik na tumango ang kambal.



Bumalik si Lola Hermie na may dala-dalang *paint brush.* "O, gamitin n'yo ito at magpinta kayong dalawa. Di n'yo naman kailangan ang bibig sa pagpipinta, di ba?"

"Paano po kami magpipinta, Lola? Wala pong pangkulay," tanong ni Bong.

"Ako, gagamitin ko ang luha ni Bong saka lupa," sagot ni Buboy.

Sabay na napatingin sina Lola Hermie at Buboy kay Bong. "Nakakainis ka na, ha!" sigaw ni Bong.

"Ano'ng sinabi ko, Buboy?" paalala ni Lola Hermie. "Alam n'yo ba, ang lupa puwedeng gamitin sa pagpinta?"

Napanganga ang kambal sa kanilang lola. "May katutubong pangkat sa Bukidnon, ang Talaandig," pagpapatuloy ni Lola Hermie. "Iba't ibang klase at kulay ng lupa ang ginagamit nila sa pagpipinta."




"Pero sige, ihahanap ko kayo ng pintura," pinagpatuloy ni Lola Hermie ang sinasabi saka siya lumabas ng silid.

Paglabas ni Lola Hermie, nag-asarang muli ang kambal. "O, pagalingan tayo," bungad ni Bong.

"Sige ba, huwag kang mapipikon 'pag natalo kita," sagot ni Buboy.

"Pagandahan ng drawing!" hamon ni Bong.

"E bakit drawing pa! Hiyaaa!" hinawakan ni Buboy ang paint brush na parang espada.

Maya-maya pa, nakabalik na si Lola Hermie sa silid. Kitang-kita niya kung paano nag-eespadahan ang kambal gamit ang paint brush.

"Hiyaaaa!" "Hiyaaaa!"

Naramdaman ni Lola Hermie ang pag-akyat ng dugo sa kaniyang mukha.

## Skill Builder

**Gawain:** Ilarawan ang sumusunod na tauhan. Mula sa iyong nabasa at napakinggan sa guro, paano mo sila ilalarawan?

**Bong:** ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

**Buboy:** ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

**Lola Hermie:** ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________




Pagkakita ng kambal sa namumulang mukha at nanlilisik na mga mata ni Lola Hermie, itinigil na nila ang pag-eespadahan. Hinawakan nila nang tama ang paint brush.

"Puwede po bang magpintura sa pader?" tanong ni Bong.

"Gusto kong pinturahan si Bong!" dagdag ni Buboy.

"Teka muna," seryoso ang tono ni Lola Hermie. "Magagalit ang Tatay at Nanay n'yo 'pag pininturahan n'yo ang pader."

"Ako naman magagalit pag lumapit ka sa 'kin," sabi ni Bong kay Buboy. Nakaamba muli ang paint brush na parang espada. "Saka Lola, meron ba talagang nagpipintura sa katawan?"

Napakunot ng noo si Lola Hermie, "May mga Pilipino na nagmamarka sa katawan nila. Permanente pa nga ang iba."

"Permanente? Paano?" sabay na tanong ng kambal.



“**Pagtatato** ang tawag dito. Siyempre sa pagtatato, hindi lang paint brush at pintura ang gamit nila. May mga gumagamit ng karayom at kahoy. Halimbawa, doon sa Cordillera, naniniwala ang mga Igorot at Kalinga na simbolo ng katapangan at kagandahan ang mga tato.”

Naaliw si Lola Hermie sa katahimikan at pagkamangha ng kambal. Itinuloy niya ang pagkukuwento.

“Pagkatapos ng labanan, nilalagyan ng tato ang mga nanalo. Simbolo ito ng tagumpay nila. Ang iba naman, naglalagay ng tato para mas maging maganda. Ibig sabihin, kapag mas marami ang tatô ng isang tao, mas kinikilala ang kagalingan nito.”

“Puwedeng magpintura sa katawan, Lola?” tanong ni Bong.

“Ako ang unang nakaisip niyan!” pahabol ni Buboy.



“Sa papel lang kayo puwedeng magpintura,” giit ni Lola Hermie. Kinuha ng kambal ang pintura at humanap ng sariling papel.

“Ano’ng ipipinta namin, Lola?” tanong ni Bong.

“Ipipinta ko ang gusto mo!” dagdag ni Buboy.

“Kahit ano ... Basta ba gagawin n’yo nang tahimik,” paalala ni Lola Hermie.

Isang dambuhala ang ginagawa ni Bong. Sa likod ng dambuhala, may bundok at dagat. Nang silipin ni Lola Hermie ang ginagawa ni Buboy, nakita niya ang isang nakakatakot na nilalang na maraming braso.

“Abo, kambal nga kayong dalawa. Halos pareho kayo ng ginagawa,” malakas na nasabi ni Lola Hermie ang iniisip.



“Hmp!” sagot ni Bong. “Gagawa ako ng iba. Ahm ... magpipinta ako ng ibon. Isang malaking-malaking ibon.”

“E ibon din yung sunod kong gagawin!” reklamo ni Buboy.

Bago pa mapag-isipan ni Lola Hermie ang nangyayari, nagsimula na namang magsagutan ang kambal.

“Ang ibong gagawin ko, sa sobrang laki, kayang takpan ang araw,” dagdag ni Bong. “Magdidilim ang buong mundo.”

“May pitong ulo yung ipipinta ko!” pahabol ni Buboy. “Kayo niyang kumain at pumatay nang maramihan!”

Napakunot ng noo si Lola Hermie habang pinapakinggan ang mga apo. Nagsisimula na siyang mainis nang mayroon siyang mapagtanto.




Pumalakpak si Lola Hermie. "Mga apo, natutuhan n'yo ba 'yan sa klase?"

Natigil ang kambal sa pag-uusap. Parehong nakatitig sa kanilang lola.

"Iyang mga nakatatakot na nilalang, mga ibong pumapatay ... Iyan ang mga kontrabida mula sa isang sikat na epiko."

Nakalimutan na ng kambal ang pagpipinta. Parehong nakatitig sa kanilang lola.

"Kuwento rin ito ng magkapatid. Magkapatid na sumagip sa maraming pamayanan sa Mindanao."

Sa pagkakataong ito, parehong nagtataka ang mga mata nina Bong at Buboy.

Napangiti si Lola Hermie saka sinabi, "Narinig n'yo na ba ang tungkol kina Indarapatra at Sulayman?"

**Gawain:** Ipagpalagay nating nakatira ka sa Cordillera at pararangalan ka ng isang tatô. Anong imahe ng tatô ang iyong gusto? Bakit ito ang iyong napili?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Gawain:** Kung ang kuwentong Indarapatra at Sulayman ay batay kina Bong at Buboy, sa palagay mo, tungkol saan ang epikong ito?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## Ikatlong Bahagi



“Sisimulan ko lang ang kuwento kung magkasundo na kayo at kung makikinig kayong mabuti,” bilin ni Lola Hermie kina Bong at Buboy.

Tumango ang kambal saka ngumiti nang matamis. Inayos nila ang pagkakaupo, at pumuwesto na parang kaharap nila ang kanilang guro.

Makikita sa dingding ng silid ang mga nakapaskil na pinta nina Bong at Buboy. Punong-puno ito ng iba’t ibang nilalang. Nang makita ito ni Lola Hermie, bigla siyang nagkaidea. “Puwedeng maging tauhan sa epiko itong drowing ng mga apo ko!”

“Nagmula sa Mindanao itong epikong ikukuwento ko,” nakangiting sabi ni Lola Hermie. “Likha ito ng mga Maranao, isang katutubong pangkat.”



"Sisimulan ko lang ang kuwento kung magkasundo na kayo at kung makikinig kayong mabuti," bilin ni Lola Hermie kina Bong at Buboy.

Tumango ang kambal saka ngumiti nang matamis. Inayos nila ang pagkakaupo, at pumuwesto na parang kaharap nila ang kanilang guro.

Makikita sa dingding ng silid ang mga nakapaskil na pinta nina Bong at Buboy. Punong-puno ito ng iba't ibang nilalang. Nang makita ito ni Lola Hermie, bigla siyang nagkaidea. "Puwedeng maging tauhan sa epiko itong drowing ng mga apo ko!"

"Nagmula sa Mindanao itong epikong ikukuwento ko," nakangiting sabi ni Lola Hermie. "Likha ito ng mga Maranao, isang katutubong pangkat."




“Noong unang panahon, sa isang bayan sa Mindanao, mayroong magkapatid na hari. Ang pangalan nila ay ... “

“Bong at Buboy,” sabat ni Buboy. Tinikom niya agad ang bibig bago pa man may masabi ang lola at ang katabi.

“Raha Indarapatra at Raha Sulayman ang pangalan nila,” pagpapatuloy ni Lola.

“Pareho sila ng pangalan?” tanong ni Bong.

“**Raha** ang tawag sa isang hari o pinuno ng mga katutubong Maranao. Ginagamit ito para magbigay-galang,” paliwanag ni Lola Hermie. “Indarapatra at Sulayman ang totoo nilang pangalan.”

Sabay na nagsanay ang kambal. “Inda-ra-pat-rick ... “ “Su-lay-su-lay ... “


Umalalay agad si Lola Hermie upang gabayan sa pagbigkas ang kaniyang mga apo.



“Isang araw, ipinatawag ni Indarapatra si Sulayman. Pinag-usapan nila ang tungkol sa mababangis na hayop at dambuhalang lumulusob sa ibang panig ng Mindanao. Nagkasundo ang magkapatid. Pupunta si Sulayman para tumulong sa ibang bayan.”

Nanlaki ang mga mata nina Bong at Buboy, pati ang mga bibig nila ay nakanganga.

“Bago umalis si Sulayman, nagtanim si Indarapatra ng halaman. Ang sabi ni Indarapatra sa kapatid, ‘Kapag may nangyaring masama sa halaman, doon ko malalamang may nangyari na ring masama sa iyo.”



Pinagpatuloy ni Lola Hermie ang pagkukuwento. "Pumunta agad si Sulayman sa unang bayan. Pagdating niya roon, naghanap siya ng taong mapagtatanungan o makakausap. Pero wala ni isang naiwang buhay na tao. Sa halip, nakita niya ang isang dambuhala."

Itinuro ni Lola Hermie ang unang pinta na nakapaskil sa pader. "Si Kurita ang unang kinalaban niya, ang dambuhalang kayang tumira sa tubig at lupa."

Pagtingin nina Bong at Buboy sa pinta, kinilabutan sila. Parang gumagalaw ang pinta. Parehong naisip ng kambal, "Matatalo kayo ni Sulayman si Kurita?"

## Skill Builder

**Gawain:** Kung magkakaroon ng epiko tungkol sa 'yo, ano ang kuwento nito? Sagutin ang sumusunod na tanong upang mabuo ang iyong kuwento:

1) Ano ang layunin mo bilang bayani?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

2) Sino-sino ang magiging kalaban mo?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

3) Paano ka magtatagumpay sa dulo?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________



Kuwento ni Lola Hermie, “Matagal na naglabanan sina Sulayman at Kurita. Kalaunan, napatay ni Sulayman ang dambuhala at dumiretso siya sa susunod na bayan.”

Tumango-tango sina Bong at Buboy. Pagkatapos, itinuro ni Lola Hermie ang susunod na pinta.

“Pagdating sa ikalawang bayan, ito ang kinalaban ni Sulayman. Siya si Tarabusaw. Napakalakas ni Tarabusaw. Ilang beses niyang hinambalos ng punongkahoy si Sulayman bago siya tuluyang mapagod. Noong mapagod si Tarabusaw, sinamantala ni Sulayman ang pagkakataon at saka pinatay ang halimaw.”

Huminga nang malalim si Lola Hermie at nagpatuloy, “Naglakbay si Sulayman sa susunod na bayan. Luminga-linga siya sa paligid nang biglang magdilim ang lahat. Dumating na ang dambuhalang Ibong Pah.”



“Mabilis na kumilos si Sulayman. Nilabanan niya ang Ibong Pah hanggang sa magapi ito. Kaya lang ... ,” kitang-kita ang lungkot sa mukha ni Lola Hermie, “Nang bumagsak ang pakpak ng Ibong Pah, nadaganan si Sulayman.”

“Naku po ... ,” angal ng kambal. Pareho silang napahawak sa pisngi.

“Sabay nalanta ang tanim ni Indarapatra. Nang makita ito ng Raha, alam niyang may nangyari nang masama sa kaniyang mahal na kapatid.”

Nalungkot ang kambal sa narinig. Nagpatuloy si Lola Hermie, “Nagpasya si Indarapatra na puntahan si Sulayman. Pagkakita niya rito, wala na itong malay. Alam n’yo ba ang ginawa ni Indarapatra?”



“Winisikan niya ng tubig ang kapatid saka nagdasal nang taimtim. Laking tuwa niya nang imulat ni Sulayman ang mga mata nito. At para malayo na ang kapatid sa panganib, sinabi ni Indarapatra na siya na ang magpapatuloy ng laban.”

Seryoso sa pakikinig ang kambal. Natuwa si Lola Hermie sa nakita. Wala nang pag-aaway at pagbubuskahan.

“Nagpatuloy si Indarapatra sa ikaapat na bayan. Pagdating dito, nakasalubong niya ang ibong may pitong ulo. Nilabanan kaagad ni Indarapatra ang halimaw. Mabilis niya itong napatumba at napatay. Pagkatapos noon, hinanap ni Indarapatra kung saan nakatira ang mga nagtatagong mamamayan. Nang makita niya ang mga tao, ikinuwento niya ang magandang balita. Kinuwento ni Indarapatra kung paano nila tinalo ang mga halimaw na kinatatakutan ng tao.”



“Tapos, ano pong nangyari, Lola?” tanong ni Bong.

“E di lumabas na sa kuweba ang mga mamamayan. Nagpasalamat sila kay Indarapatra at ipinakasal sa kaniya ang pinakamagandang dalaga. Naging mapayapa ang mga bayang iniligtas nila,” paliwanag ni Lola Hermie.

“Paano si Sulayman?” pahabol ni Buboy na nakapangalong-baba.

“Magandang tanong ‘yan,” nakangiting sagot ni Lola Hermie. “Sa ibang bersiyon ng epiko, may dalagang ipinakasal kay Sulayman. Sa iba’t ibang bersiyon, nailigtas nina Indarapatra at Sulayman ang maraming bayan. Pareho din silang may masayang wakas.”

“May iba’t ibang bersiyon?” sabay na nagtanong ang kambal. Sa pagkakataong ito, pareho silang natawa sa ginawa.




Napangiti si Lola Hermie sa kambal na apo. “Naipapasa ang epiko sa pagkukuwento, di ba? Dahil namamana ito mula sa iba-ibang henerasyon at pangkat, nagkakaroon tuloy ng iba-ibang bersiyon.”

“Gusto kong gumawa ng sarili kong epiko, Lola!” sabik na sabi ni Bong.

“Gusto ko rin maging bida sa epiko,” pahabol ni Buboy.

Nanlaki ang mga mata ni Lola Hermie. Nakahanda na siyang sitahin ang kambal kung magsisimula na naman silang mag-away.

“Parang sina Indarapatra at Sulayman!” halos magkasabay sa pagsabi ang kambal.

Napangiti si Lola Hermie, “Gusto n’yo pa bang makarinig ng ibang epiko?”

## Skill Builder

**Gawain:** Kasama sa pabigkas na tradisyon ng Pilipino ang sama-samang pagbuo ng kuwento. Magkaroon ng dugtungang pagsasalaysay.

*Para sa Guro:* Gabayan ang mga bata habang bumubuo sila ng kuwento. Maaaring magmungkahi ng mga pangyayari o eksena sa kuwento.

**Gawain:** Punan ang talahanayan ng mga kalaban sa epikong Indarapatra at Sulayman. Umisip ng angkop na pandiwa at pang-abay sa bawat tauhan.

| **Tauhan** | **Pandiwa: Ano'ng ginawa ng kalaban?** | **Pang-abay: Paano niya ginawa ang kilos na ito?** |
|---|---|---|
| Kurita | | |
| Tarabusaw | | |
| Pah | | |
| Ibong may pitong ulo | | |

*Para sa Guro:* Gabayan ang mga bata sa pagsagot ng tsart. Maaaring isagawa ang unang aytem.

## Ikalimang Bahagi



“Gusto ko pong makarinig ng isa pang epiko, Lola!” sabi ni Bong.

“Ako rin po!” pahabol ni Buboy.

“Bakit palagi mo ‘kong ginagaya?” tanong ni Bong. “Ano’ng sabi mo?!” sagot ni Buboy.

Nagsimulang magtinginan nang masama ang kambal. Tumigil lang sila nang tawagin ni Lola Hermie ang kanilang pansin. “Hindi ako magkukuwento kung may mag-aaway o kung may mag-iingay.”

Tumigil sa pagsasalita ang kambal at umupo nang maayos. Kahit madalas silang mag-away, kapag nagsalita na ang kanilang lola, agad silang nakikinig.


“Sige,” pagpapatuloy ni Lola Hermie. “Itong epikong ikukuwento ko ay tungkol sa dalawang mandirigmang mahilig mag-away.”




“Galing sa Kahilagaang Luzon ang epikong ito, mula sa mga katutubong pangkat na Ifugao—ang Hudhud,” sabi ni Lola Hermie.

“Hudhud?” sabay na sagot ng kambal.

Paliwanag ni Lola Hermie, “Ang **Hudhud** ay isa sa mga epikong bayan ng mga Ifugao. Ito ang tawag sa awit o *chant* habang nagsasalaysay ng kuwento. Madalas, ginagawa ito ng isang pangkat ng kababaihan. Aba, inaawit lang ang Hudhud sa apat na okasyon: tuwing aani ng palay, magbubunot ng damo, maglalamay sa namatay, o kapag may ililibing. Meron ding mahigit dalawandaang Hudhud na may iba’t ibang bersiyon. Inaabot pa ng ilang araw ang pag-awit nito!”




“Grabeee! Ang haba!” sabi ni Buboy.

“Siguro hindi na kami makakapasok sa paaralan, Lola?” tanong ni Bong.

Natawa si Lola Hermie sa kambal. “ ‘Wag kayong mag-alala. Hindi natin aawitin ang Hudhud.

Kailangan natin ng lider na magsisimula ng pag-awit, ang **munhaw-e**. Kailangan din natin ng **munhudhud**, ang pangkat na magpapatuloy ng pag-awit.”

“Ay!” sagot ni Bong. “Isang pangkat po pala ang nagtatanghal ng Hudhud, Lola.”

Tumango si Lola Hermie, “Madalas, pinapaksa ng Hudhud ang tungkol sa kabayanihan, pag-ibig, at kagitingan.”

“Gusto ko pong makapanood niyan sa totoong buhay!” pahabol ni Buboy.



“Tingnan natin,” nakangiting sagot ni Lola Hermie. “Kapag bumisita tayo ng Cordillera, hanapin natin ang mga Ifugao. Marami pa nga tayong puwedeng pasyalan doon.”

“Di po ba, sikat doon yung lupa na parang hagdan?” tanong ni Bong.

“Hagdan-hagdang palayan!” giit ni Buboy. Nagsimula na namang mag-inisan ang dalawa nang pumagitna ang kanilang lola. “Tama kayo pareho. **Payo** ang tawag doon. Bukod sa payo, gusto ko ring puntahan ang **Tam-an Village.** Doon daw makikita ang ibang tirahan ng mga Ifugao kung saan sila makikitang naghahabi at naglililok.”

## Skill Builder

**Gawain:** Bumuo ng mind map o dayagram tungkol sa sumusunod na katutubong pangkat:

Talaandig

Maranao

Ifugao

Mayroon ka pa bang naisip na ibang katutubong pangkat? Idagdag ang mga ito. Maaaring isulat ang sagot sa papel o kuwaderno.


________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________



"Nandoon din po ba ang mandirigmang ikukuwento mo, Lola?" tanong ni Bong.

"Hanggang ngayon, nag-aaway pa rin po sila?" usisa ni Buboy.

Muling natawa si Lola Hermie sa kambal. "Ang epikong ito ay kuwentong nagmula sa sinaunang panahon pa. Kagaya ng kuwento nina Indarapatra at Sulayman, ipinasa na rin ang kuwento mula sa iba't ibang henerasyon at pangkat. Ang bida sa Hudhud ay sina Aliguyon at Pambukhayon."

Huminto si Lola Hermie at tumingin sa kambal. "Sige, magsanay muna kayo sa pagbigkas ng pangalan nila."




“A-ali-ali ... ,” bungad ni Bong. “Pam-pam-buk ...,” dagdag ni Buboy.

Inunat ni Buboy ang mga braso, “Hay, buti maiksi lang ang pangalan ko.”

“Yung akin din e, mabilis sabihin,” sagot ni Bong.

“Kaya po siguro sila nag-aaway, Lola,” sabi ni Buboy. “Naiinis sila sa haba ng pangalan nila.”

Natawa si Lola Hermie sa apo. “Matagal nang magkaaway ang pamilya nina Aliguyon at Pambukhayon. Nagsimula ang gulo mula pa sa kani-kanilang mga magulang. Habang lumalaki, naisip na ni Aliguyon na bigyang-hustisya ang nangyari sa kaniyang mga magulang.”



Ipinagpatuloy ni Lola Hermie ang kuwento, "Kaya nang magkagulang si Aliguyon, nagpasya siyang hamunin si Pambukhayon. Pinuntahan niya ang bayan ni Pambukhayon upang makipaglaban. Malakas na mandirigma si Aliguyon. Sa sobrang bilis niyang kumilos, nasasalo niya ang lahat ng ibato sa kaniya. Aba, kaya rin niyang maglakbay nang hindi nagpapahinga, kumakain, o natutulog."

"Parang ako po pala 'yan, Lola," sagot ni Bong. "Kaya ko rin kahit hindi matulog sa hapon."

"Nakatulog ka kaya nung Sabado," sabat ni Buboy. "Di ba, Lola, ako yung hindi nakatutulog basta-basta?"

Napailing si Lola Hermie sa kambal. "Ay, hindi na lang ako magkukuwento. Matulog na lang kaya tayo."



Tumahimik agad ang kambal sa narinig.

Saka ipinagpatuloy ni Lola Hermie ang sinasabi, "Malakas ding mandirigma si Pambukhayon. Nang magharap sila ni Aliguyon, hulaan n'yo kung gaano katagal inabot ang labanan nila?"

"Apat na araw!" sagot ni Buboy, "Kasingtagal ng pag-awit ng Hudhud."

"Mahigit isa't kalahating taon silang naglaban nang walang tigil," paliwanag ni Lola Hermie.

"Sobra naman!" sagot ni Bong.

Ngumiti si Lola Hermie, "Kaya nga nung mapagtanto nina Aliguyon at Pambukhayon na magkasinglakas sila at wala ring patutunguhan ang labanan nila, nagbati na lang sila. Kinalimutan nila ang away ng kanilang angkan."



“Wow! Gusto ko rin maging mandirigma,” sabi ni Bong.

“Kung ako ‘yan, tatalunin ko ang mga kalaban,” dagdag ni Buboy.

Natuwa si Lola Hermie, “Bakit hindi n’yo ipinta ang mga naisip n’yo?”

Kinuha agad ng kambal ang kani-kanilang paint brush. Nagsimula silang magpinta.

“Ano’ng kapangyarihan mo, Buboy?” tanong ni Bong sa kapatid.

“Malakas na malakas na bida,” sagot ni Buboy. “Bakit?”

“Kasi tutulungan kita sa mga kalaban mo,” nakangiting sagot ni Bong. Sinuklian ni Buboy ng ngiti ang kapatid. “Sige, ako’ng bahala sa ‘yo.”

**Gawain:** Kung ikaw ang nasa posisyon ni Lola Hermie, paano mo pagbabatiin sina Bong at Buboy?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Gawain:** Umisip ng maaaring maging ibang wakas para sa:

1) Indarapatra at Sulayman

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2) Aliguyon at Pambukhayon

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Gawain:** Ibigay ang buod ng sumusunod na kuwento:

1) Indarapatra at Sulayman
2) Aliguyon at Pambukhayon

*Para sa Guro:* Upang masanay ang mga bata sa pagbubuod, maaaring pasagutan muna sa kanila ang *graphic organizer* sa ibaba.
Pagkatapos, gabayan sila sa pagbuo ng mga pangungusap gamit ang impormasyong inilagay nila sa loob ng graphic organizer.

| | |
|---|---|
| **Tauhan: Sino/ Sino-sino ang gumanap sa kuwento?** | **Tagpuan: Kailan at saan nangyari ang kuwento?** |
| **Problema: Ano ang balakid sa kuwento?** | **Resolusyon: Anong naging solusyon sa balakid?** |

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation